Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pag-unawa at Pagsalaysay Muli ng Pinakinggang Teksto

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay naglalayong magkuwento ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

a. Paglalahad b. Paglalarawan c. Pagsasalaysay d. Pangangatwiran

2. Ito ay pagsasalaysay na ang pangunahing layunin ay magbigay ng impormasyon.

a. Magpabatid b. Malikhain c. Maglarawan d. Makipagtalo

3. Ito ay uri ng pagsasalaysay na may layuning manlibang.

a. Magpabatid b. Malikhain c. Maglarawan d. Makipagtalo

4. Ito ay mahalagang bahagi ng salaysay dahil dito nakasalalay kung ipagpapatuloy pa o hindi na ng mambabasa o tagapakinig ang pagbabasa o pakikinig.

a. Katawan b. Pamagat c. Simula d. Wakas

5. Ito ay salaysay na tumatalakay sa pinagmulan ng isang bagay, lugar, o hayop.

a. Alamat b. Anekdota c. Kuwentong bayan d. Maikling kuwento

Para sa bilang 6–10, basahin ang maikling talata sa ibaba. Pagkatapos, hanguin mula sa binasa ang mahahalagang impormasyong hinihingi sa bawat bilang.

Tinawag ng masigasig na Pilipinong imbentor na si Jun de Jesus ang kaniyang likha na *Vicure Machine*.

Ang *Vicure Machine* ay idinisenyo upang pamuksa ng mga airborne virus, bacteria, at maging ang kinatatakutang novel coronavirus.

Gamit ang *soluble steam*, ang aparato ay kombinasyon ng mga bagong teknolohiya at lumang tradisyonal na medisinang Filipino, na ayon kay de Jesus, napatunayang epektibo ito sa pag-iwas sa mga virus na makapasok sa ating *respiratory system*.

Dagdag pa niya na ang *Vicure Machine* ay magagamit sa pag-*disinfect* ng mga ospital, opisina, tahanan, restoran, at iba pang lugar.

Binigyang-diin niya ang proseso ng pag-*disinfect*. Kailangang ang lugar ay walang tao. Matapos ang isang oras ay maaari na ulit itong puntahan.

6. Ito ang maaaring maging pamagat ng binasang teksto.

a. *Bacteria* b. Imbentor c. *Vicure Machine* d. *Virus*

7. Ito ay ang paraan ng pagsisimula ng binasang teksto.

a. Pagpapakilala sa imbensiyon

b. Paglalahad ng layunin ng imbensiyon

c. Pagtalakay sa paraan ng pagbuo ng imbensiyon

d. Pagpapaliwanag ng bentaha at masamang epekto ng imbensiyon

8. Ito ay ang naging paraan ng pagwawakas ng binasang teksto.

a. Bentaha ng imbensiyon b. Layunin ng imbensiyon

c. Paraan ng paggamit ng imbensiyon d. Presyo o halaga ng imbensiyon

9. Ito ang uri ng salaysay ng binasang teksto.

a. Nagpapabatid b. Malikhain c. Naglalarawan d. Nangangatwiran

10. Ito ay ang bahagi kung saan mababasa ang mahahalagang impormasyon at/o kinapalolooban ng iba pang mga elemento ng salaysay.

a. Katawan b. Pamagat c. Simula d. Wakas